here & now

# Ang Talinghaga ng Lambat

WEEK 4

## WARM-UP

- Mapili ka ba sa uri ng pagkain na gusto mong kainin? Paano?
- Ikaw ba yung klase ng tao na mahilig mag-ayos ng gamit, o kaya ay yung klase na alam kung nasaan ang mga gamit kahit pa magulo? Magbahagi ng isang pangyayari na nagpapakita nito.
- Ang unang pagkakakilala mo ba sa isang tao ay nakaka-apekto sa pakikitungo mo sa kanya? Magkuwento tungkol sa isang pagkakataon na nagkamali ka ng pagkakakilala sa isang tao noong una kayong nagkita.

## WORD

[47]*"Ang kaharian ng Diyos ay katulad din ng isang lambat*
*na inihagis ng mga mangingisda sa lawa at nakahuli ng*
*sari-saring isda.* [48]*Nang mapuno ang lambat, hinila nila ito*
*papunta sa dalampasigan. Pagkatapos, naupo sila para*
*pagbukud-bukurin ang mga isda. Ang mabubuting isda ay*
*inilagay nila sa mga basket, at ang mga walang kwenta ay*
*itinapon nila.* [49]*Ganyan din ang mangyayari sa katapusan*
*ng mundo. Darating ang mga anghel at ihihiwalay nila*
*ang masasama sa matutuwid.* [50]*Itatapon ang masasama*
*sa nagliliyab na apoy, at doo'y iiyak sila at magngangalit*
*ang kanilang ngipin."* **MATEO 13:47–50**

Ang kaharian ng langit ay ang pinamamahalaan ng Diyos, kung saan Siya namumuno at naghahari. Ang Iglesya ay isang maliit na bahagi nito. Ang plano ng Diyos na tubusin ang Kanyang mga anak at ang Kanyang nilikha para sa Kanyang sarili ay nagaganap na din ngayon, habang tayo ay nabubuhay dito sa lupa. Bahagi ng misyon ng Iglesya ang maihatid ang kahariang ito. Noong si Jesus ay narito sa lupa, marami Siyang sinabing talinghaga na magagamit natin upang maintindihan ang kaharian ng langit. Ano ang sinasabi ng talinghaga ng lambat tungkol sa kaharian ng Diyos?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa Kanyang tawag na mangisda ng mga tao. Ipanalangin na magawa mo itong tanggapin at isapamuhay nang buong puso.
- Hingin sa Diyos ang kalakasan upang sa pagbabahagi mo tungkol sa kaharian ng langit ay magawa mong makipag-ugnayan sa iba nang pantay-pantay, walang panghuhusga.
- Ipanalangin na ang puso ng lahat ng nasa iyong pamilya at komunidad ay maging bukas sa pagtanggap ng mensahe ng ebanghelyo.

## NOTES

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2019 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

## 1 Dapat nating ipangaral ang ebanghelyo maging sino man ang tatanggap nito.

*"Ang kaharian ng Diyos ay katulad din ng isang lambat na inihagis ng mga mangingisda sa lawa at nakahuli ng sari-saring isda."* **MATEO 13:47**

Ang lambat, na kumakatawan sa pangangaral ng ebanghelyo, ay *nakakahuli ng sari-saring isda*. Hindi natin tugkulin ang pumili ng isdang huhulihin. Tulad nito, hindi natin tungkulin ang husgahan ang mga taong tumatanggap ng pangagaral ng ebanghelyo. Paano mo tinanggap ang tawag na ipangaral ang ebanghelyo? Naranasan mo na bang magbahagi ng ebanghelyo sa mga taong hindi mo kasundo?

## 2 May paparating na oras ng paghatol.

*[48]"Nang mapuno ang lambat, hinila nila ito papunta sa dalampasigan. Pagkatapos, naupo sila para pagbukud-bukurin ang mga isda. Ang mabubuting isda ay inilagay nila sa mga basket, at ang mga walang kwenta ay itinapon nila. [49]Ganyan din ang mangyayari sa katapusan ng mundo. Darating ang mga anghel at ihihiwalay nila ang masasama sa matutuwid. [50]Itatapon ang masasama sa nagliliyab na apoy, at doo'y iiyak sila at magngangalit ang kanilang ngipin."* **MATEO 13:48–50**

Ang larawan na ibinigay ni Jesus sa dulo ng talinghaga ay tungkol sa paparating na paghatol. Ang mga kalalakihan na nagbukod ng mga isda at naghiwalay ng mga mabubuti sa masasamang isda ay kumakatawan sa mga anghel na maghihiwalay sa masasama mula sa matutuwid sa *katapusan ng mundo.* Ang Diyos ang huling hukom sa katapusan ng mundo. Paano binababago ng kaalaman na may paparating na paghuhukom ang paraan mo ng pangangaral ng ebanghelyo?

## APPLICATION

- Ang bawat "mangingisda ng tao" ay nagdesisyon muna na sumunod kay Jesus. Kung nais mo rin na gawin ang desisyon na ito, kumausap ng isang tao at hilingin na samahan kang manalangin para dito.
- Ano ang ilan sa mga paraan na maaari mong ipangaral ang ebanghelyo nang walang panghuhusga? Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng pagmamahal upang makipag-ugnayan sa mga tao para sa Kanyang kaharian.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng dalawa o tatlong tao na maaari mong lapitan upang maipangaral ang ebanghelyo. Mag-isip ng tatlong paraan kung paano ka makapagtatatag ng ugnayan sa kanila.